**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 1, 85-98




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Modernisasyon sa wikang Filipino: Pagsusuri sa perspektibong sikolohikal na pananaw

Huenda, Mary Joy
*Sorsogon State University, Philippines (maryjoy.huenda@deped.gov.ph)*
Lazaro, Marieta
*Sorsogon State University, Philippines (marieta.lazaro001@deped.gov.ph)*
Marbella, Felisa D. ✉
*Sorsogon State University, Philippines (felisa.marbella@sorsu.edu.ph)*

**Received**: 26 December 2025 **Revised**: 5 January 2026 **Accepted**: 6 January 2026
**Available Online**: 10 January 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26002

***Abstract***

Ang pag-aaral na ito ay sumuri sa mga pagbabagong nagaganap sa paggamit ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa patuloy na modernisasyong nagaganap sa lipunan, teknolohiya at kultura, gayundin sa mga sikolohikal at lingguwistikong epekto nito. Layunin nitong ilarawan ang mga anyo ng modernong gamit ng wika, suriin ang karanasan ng mga mag-aaral at tukuyin ang implikasyon ng mga pagbabagong ito sa kontekstong pang-akademiko. Deskriptib-kwalitatib ang disenyo ng kasalukyang pag-aaral upang masusing maunawaan ang penomenong pangwika at pangsikolohikal na hindi ganap na nasusukat sa paraang kuwantitatibo. Ang mga kalahok ay binubuo ng tatlumpung (30) mag-aaral sa ikaanim na baitang mula sa Paaralang Elementarya ng Tublijon at Guinlajon sa Kanlurang Distrito ng Lungsod Sorsogon. *Purposive sampling* naman ang ginamit ng mga mananaliksik sa pagpili ng mga kalahok na siyang pagkukunan ng mga datos. Pangunahing instrumento ang *semi-structured interview* schedule na dumaan sa beripikasyon ng eksperto. Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng personal na panayam, at sinuri ang mga ito gamit ang *thematic analysis* upang matukoy ang mga pangunahing tema kaugnay ng sikolohikal at lingguwistikong epekto ng modernisasyon ng Wikang Filipino. Batay sa mga natuklasan, laganap sa mga mag-aaral ang paggamit ng Taglish, mga salitang balbal at mga terminong hango sa teknolohiya at *social media*. Sa sikolohikal na aspekto, natukoy ang magkahalong epekto ng modernisasyon, pagtaas ng kumpiyansa sa impormal na komunikasyon ngunit pagbaba ng tiwala sa sarili, sa pormal at akademikong paggamit ng Filipino. Sa lingguwistikong aspekto, ipinakikita ng wika ang kakayahang umangkop, subalit may pangamba sa paghina ng kasanayan sa estandardisadong Filipino.

***Keywords:*** modernisasyon, teknolohiya, pagsusuri, pananaw, social media

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Modernisasyon sa wikang Filipino: Pagsusuri sa perspektibong sikolohikal na pananaw

## 1. Introduksyon

Ang wika ay mahalagang salik sa paghubog ng komunikasyon, kultura, at pagkakakilanlan ng isang lipunan. Ito ay nagsisilbing pangunahing daluyan ng pakikipag-ugnayan ng mga tao sa kanilang kapwa at sa mas malawak na istruktura ng lipunan. Sa pamamagitan ng wika, naipahahayag ang mga ideya, paniniwala, saloobin, at karanasan ng tao, na kalaunan ay nagiging bahagi ng kolektibong kamalayan ng isang pamayanan. Ang wika ay pangunahing kasangkapan para sa komunikasyon, hindi para sa kumplikadong pag-iisip, at pangunahing sumasalamin sa kaalaman ng tao sa halip na lumikha nito (Fedorenko, E., Piantadosi, S., at Gibson, E., 2024). Hindi lamang ito isang kasangkapan ng komunikasyon kundi isa ring salamin ng kasaysayan, tradisyon, at pagpapahalagang kultural ng isang bansa. Ang wika ang nagtataguyod ng pagkakaisa ng isang lipunan sapagkat dito nahuhubog ang pagkakaunawaan at pakikipagtalastasan sa iba't ibang sektor, kabilang ang edukasyon, politika, ekonomiya, at relihiyon. Dahil dito, ang wika ay hindi maaaring ihiwalay sa identidad ng isang bayan, sapagkat ito ang nagsisilbing pundasyon ng pambansang kamalayan at kolektibong pagkilos ng mamamayan. Ang wika ay ang pinakamahalagang teknolohikal na imbensyon ng mga tao, na nagbibigay-daan para sa pagbabahagi ng mga mapanlikhang produkto ng isip at pagpapaunlad ng pagsasapanlipunan sa loob ng mga komunidad, bagama't maaari rin itong magdulot ng pagtaas ng agresyon sa pagitan ng iba't ibang grupo ng tao (Fabbro, F., Fabbro, A., at Crescentini, C., 2022).

Bilang dinamiko at patuloy na umuunlad na sistema, ang wika ay nakaaangkop sa mga pagbabagong panlipunan, teknolohikal, at kultural na nagaganap sa loob ng isang bansa. Ang katangiang ito ng wika ang nagpapakita na ito ay isang buhay na sistema na patuloy na hinuhubog ng karanasan ng mga taong gumagamit nito. Habang nagbabago ang lipunan, sa aspekto ng pamumuhay, pananaw, at ugnayang panlipunan, kasabay ding nagbabago ang anyo, estruktura, at gamit ng wika. Sa pahayag nina Marx, E., Iwan, O., at Wittenberg, E. (2025), sinabi nila na ang mga tao ay naghihinuha ng temporal na pagkakasunud-sunod sa mga kumplikadong pangungusap sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga dinamikong katangian ng mga inilarawang sitwasyon, anuman ang pagkakaiba sa wika o gramatika.

Ang pag-usbong ng teknolohiya, globalisasyon, at *mass media* ay nagbigay-daan sa mabilis na paglikha at paglaganap ng mga bagong salita, ekspresyon, at diskurso. Ang mga pagbabagong ito ay hindi maiiwasan at itinuturing na likas na bahagi ng ebolusyon ng wika. Gayunpaman, ang patuloy na pagbabago ng wika ay nagdudulot din ng mga hamon, lalo na sa usapin ng pamantayan, pormalidad, at wastong paggamit nito sa akademiko at opisyal na konteksto. Sa pahayag nina Rehman, S., Malik, A., Jawad, M., at. al., (2025), sinabi nila na malaki ang impluwensya ng teknolohiya sa kontemporaryong bokabularyo na humahantong sa pagpapakilala ng mga bagong salita at pagtaas ng impormal sa mga istilo ng komunikasyon.

Sa kontekstong ito, nagsisilbing mahalagang instrumento ang wika sa pagpapahayag ng kaisipan, damdamin, at kaalamang kolektibo ng mamamayan. Ang wika ang pinakamabisang kasangkapan sa komunikasyon sa buhay ng tao (Mailani, O., Nuraeni, I., Syakila, S., & Lazuardi, J., 2022). Ang wika ay hindi lamang ginagamit upang magpabatid ng impormasyon kundi upang bumuo ng kahulugan, magpahayag ng emosyon, at maglinang ng ugnayang panlipunan. Sa larangan ng edukasyon, ang wika ay nagsisilbing daluyan ng pagkatuto at pag-unawa sa mga konsepto at ideya na mahalaga sa intelektuwal na pag-unlad ng mga mag-aaral. Sa larangan naman ng kultura, ang wika ang nagiging tagapagdala ng mga salaysay, alamat, panitikan, at sining na nagpapayaman sa pambansang identidad. Sa ganitong pananaw, malinaw na ang wika ay may mahalagang papel sa paghubog ng kamalayan at pagkatao ng bawat indibidwal at ng lipunang kaniyang kinabibilangan.

Sa Pilipinas, ang Wikang Filipino ay may mahalagang papel sa pagbubuklod ng sambayanan at sa pagpapanatili ng pambansang identidad. Bilang isang bansang mayaman sa wika at kultura, ang Pilipinas ay

tahanan ng maraming katutubong wika at diyalekto. Sa kabila ng pagkakaiba-iba ng wika sa iba't ibang rehiyon, ang Wikang Filipino ang nagsisilbing tulay na nag-uugnay sa mga Pilipino bilang isang bansa. Ito ang wikang nagtataguyod ng pambansang pagkakaisa at nagbibigay-daan sa mas malawak na komunikasyon sa pagitan ng mga mamamayan mula sa iba't ibang panig ng bansa. Sa pamamagitan ng Filipino, naipapahayag ang pambansang mithiin, adhikain, at damdaming kolektibo ng sambayanan, kaya't ito ay itinuturing na mahalagang salik sa pagpapatibay ng pambansang identidad.

Ang pag-aaral at wastong paggamit nito, lalo na sa larangan ng edukasyon, ay itinuturing na pundasyon ng pambansang kamalayan at pagpapahalagang kultural. Sa sistema ng edukasyon, ang asignaturang Filipino ay hindi lamang nakatuon sa paglinang ng kasanayang pangwika kundi pati na rin sa paghubog ng pagpapahalaga sa sariling kultura at identidad. Sa pamamagitan ng pagtuturo ng wika at panitikang Filipino, nahuhubog ang kamalayan ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang pinagmulan, kasaysayan, at papel bilang mamamayang Pilipino. Ang edukasyon ang nagsisilbing pangunahing institusyon sa pagpapanatili at pagpapayabong ng Wikang Filipino, sapagkat dito naipapasa sa susunod na henerasyon ang kaalaman at pagpapahalagang kaugnay ng wika.

Sa paglipas ng panahon, ang Wikang Filipino ay dumaan sa iba't ibang yugto ng historikal na pag-unlad bago ito tuluyang kinilala bilang wikang pambansa. Ang kasaysayan ng wikang pambansa ay masasalamin sa mga panlipunan at pampulitikang pangyayari na humubog sa bansa. Mula sa panahon ng kolonyalismo hanggang sa pagkamit ng kalayaan, ang usapin ng wika ay naging mahalagang bahagi ng pambansang diskurso. Ang pagpili at pagpapaunlad ng isang wikang pambansa ay itinuturing na hakbang tungo sa pagtatatag ng pambansang identidad at soberanya. Pinagtitibay ng Saligang Batas ng 1935, Artikulo IV, Seksyon 3, ang tungkulin ng pamahalaan na magsagawa ng mga hakbang tungo sa pagpapaunlad at pagpapatibay ng isang wikang pambansa mula sa mga umiiral na katutubong wika. Ang probisyong ito ay nagpapakita ng pagkilala ng estado sa kahalagahan ng wika bilang saligan ng pambansang pagkakaisa. Ipinahihiwatig din nito ang pananagutan ng pamahalaan sa pagpapaunlad ng isang wikang magsisilbing simbolo ng pambansang identidad.

Ang adhikaing ito ay muling binigyang-diin sa 1987 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, Artikulo XIV, Seksyon 6, na nagtatadhana na ang Filipino ay dapat patuloy na linangin at payabungin batay sa umiiral na mga wika ng bansa at sa iba pang mga wika. Ipinakikita ng probisyong ito ang inklusibong katangian ng Wikang Filipino, na patuloy na umuunlad sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iba't ibang wika sa loob at labas ng bansa. Ang ganitong pananaw ay nagpapalawak sa saklaw ng Filipino bilang isang modernong wika na may kakayahang umangkop sa nagbabagong pangangailangan ng lipunan. Bilang tugon sa layuning ito, itinatag ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa pamamagitan ng Batas Republika Blg. 7104 (1991), na nagsisilbing pangunahing ahensiya ng pamahalaan sa pagpapaunlad, pagpapayaman, at modernisasyon ng Wikang Filipino. Ang KWF ay may mahalagang papel sa pagbabalangkas ng mga patakarang pangwika at sa pagpapatupad ng mga programang naglalayong palaganapin ang paggamit ng Filipino sa iba't ibang larangan ng lipunan.

Layunin ng KWF na palaganapin at panatilihin ang Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng edukasyon, agham, teknolohiya, at iba pang larangan. Sa pamamagitan ng mga hakbang at inisyatibong ito, layon ng KWF na itaas ang antas ng paggamit ng Filipino at gawing mas episyente ang papel nito sa pambansang kaunlaran. Kaugnay nito, ang pagtuturo ng asignaturang Filipino ay nakatuon sa paglinang ng kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral, gamit ang angkop na babasahin at makabagong kagamitang panturo. Sa ganitong paraan, nagiging mas makabuluhan at kontekstuwal ang pagkatuto ng wika. Gayunpaman, ang kasalukuyang kalagayang pangwika sa bansa ay nailalarawan ng patuloy na dominasyon ng wikang Ingles na may ugat sa mga historikal, sosyo-politikal, at pang-ekonomiyang impluwensiya. Ang impluwensiyang ito ay nagdulot ng mataas na prestihiyo sa Ingles, na kadalasang iniuugnay sa edukasyon, propesyonalismo, at oportunidad sa trabaho.

Ang pagbibigay-priyoridad sa Ingles ay nagdudulot ng hindi pagkakapantay-pantay sa paggamit ng wika at nakaaapekto sa saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa Filipino. Sa maraming pagkakataon, ang Filipino ay itinuturing na pangalawang wika lamang, na nagreresulta sa pagbaba ng pagpapahalaga rito. Sa ganitong kalagayan,

umuusbong ang iba't ibang hamon sa pagkatuto ng asignaturang Filipino, kabilang ang pagbaba ng interes, kakulangan sa bokabularyo, at limitadong paggamit ng wika sa akademikong konteksto. Ang mga hamong ito ay nagpapakita ng pangangailangang suriin at paigtingin ang mga estratehiya sa pagtuturo ng wika.

Ilang pag-aaral ang nagpapakita na ang mga mag-aaral sa kasalukuyang henerasyon ay lubos na naiimpluwensiyahan ng teknolohiya at *social media*, na may positibo at negatibong epekto sa kanilang pagkatuto ng Filipino. Habang nagbibigay ito ng bagong anyo ng interaksyon at pagkatuto, nagdudulot din ito ng pagbabago sa paraan ng paggamit ng wika. Bagama't itinuturing ang teknolohiya bilang daluyan ng pagkamalikhain at inobasyon, nagdudulot din ito ng paglaganap ng impormal na anyo ng wika, gaya ng wikang balbal, na maaaring makaapekto sa paglinang ng makrong kasanayan sa opisyal na wika. Kaugnay nito, binibigyang-diin din ng ilang pag-aaral ang mahalagang papel ng mga guro at magulang sa paggabay sa mga mag-aaral upang magkaroon ng balanseng pananaw sa paggamit ng Ingles at Filipino. Sa kabila ng mga pagbabagong dulot ng modernisasyon, nananatiling mahalaga ang papel ng edukasyon sa pagpapaunlad ng Wikang Filipino. Ipinakikita ng mga pananaliksik na ang epektibong estratehiya ng guro, makabuluhang pakikilahok ng mga mag-aaral, at ang paggamit ng angkop na teknolohikal na midyum ay may malaking ambag sa pagtaas ng interes at motibasyon sa pagkatuto ng Filipino.

Sa ganitong konteksto, mahalagang suriin ang sikolohikal na pananaw ng mga guro at mag-aaral hinggil sa mga pagbabagong nagaganap sa wikang Filipino. Ang kanilang saloobin, paniniwala, at motibasyon ay may malaking impluwensiya sa epektibong pagkatuto at paggamit ng wika. Ang pag-usbong ng teknolohiya at makabagong paraan ng komunikasyon, partikular ang *social media*, ay may malaking impluwensiya sa paggamit at pagkatuto ng Wikang Filipino. Dahil dito, nilalayon ng pag-aaral na ito na suriin ang epekto ng modernisasyon ng Wikang Filipino mula sa perspektibong sikolohikal ng mga guro at mag-aaral, bilang batayan sa pagbuo ng mas angkop at epektibong estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto ng asignaturang Filipino.

***Mga Layunin -*** Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri sa perspektibong sikolohikal na pananaw ng mga mag-aaral sa modernisasyon ng wikang Filipino. Sinagot ng pag-aaral na ito ang sumusunod na layunin: (1) Matukoy ang mga pagbabagong naganap sa Filipino na ginagamit ng mga mag-aaral. (2) Maanalisa ang epekto ng modernisasyon ng wikang Filipino a.) Sikolohikal na aspekto ng mga mag-aaral (b) Lingguwistikong usapin (3) Makapagbigay ng mga rekomendasyon kung paano mapabubuti ang pagtuturo at paggamit ng wikang Filipino sa konteksto ng modernisasyon.

## 2. Metodolohiya

***Disenyo ng Pananaliksik -*** Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng disenyong deskriptib-kwalitatib, na angkop sa masusing pagsusuri ng mga penomenong pangwika at pangsikolohikal na hindi ganap na nasusukat sa pamamagitan ng pamamaraang kwantitatibo. Pinili ang ganitong disenyo sapagkat binibigyang-halaga nito ang lalim ng pag-unawa sa mga karanasan, pananaw, at interpretasyon ng mga kalahok hinggil sa paggamit ng wika sa aktuwal na konteksto ng edukasyon. Sa halip na tumuon sa istatistikal na datos, nakatuon ang pag-aaral sa pagbibigay-kahulugan sa mga salik na humuhubog sa pagkatuto at paggamit ng Wikang Filipino.

Layunin ng pananaliksik na ilarawan at unawain ang mga pagbabagong nagaganap sa paggamit ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral, gayundin ang epekto ng modernisasyon ng wika sa kanilang sikolohikal na aspekto, tulad ng saloobin, motibasyon, at kumpiyansa sa paggamit ng wika. Kabilang din sa pagsusuri ang mga usaping linggwistiko gaya ng lawak at uri ng bokabularyong ginagamit, estruktura ng pangungusap, at antas ng pormalidad ng wika sa iba't ibang sitwasyong pang-akademiko at panlipunan. Sa pamamagitan nito, natukoy kung paano naiimpluwensiyahan ng makabagong anyo ng komunikasyon ang kakayahang pangwika ng mga mag-aaral.

Sa paggamit ng disenyong deskriptib-kwalitatib, nabigyang-diin ang masusing pagtalakay sa mga karanasan at pananaw ng mga kalahok sa kanilang natural na kapaligirang pang-edukasyon. Ang pamamaraang pakikipanayam ay nagbigay-daan sa mas malalim at detalyadong pangangalap ng datos na nakaugat sa personal at kontekstuwal na karanasan ng mga mag-aaral. Dahil dito, naging mas malinaw ang pag-unawa sa dinamika ng

paggamit ng Wikang Filipino, na hindi lubos na maipapakita sa pamamagitan ng mga datos na numerikal lamang.

***Pinagkunan ng datos -*** Ang mga pangunahing pinagkunan ng datos sa pag-aaral na ito ay ang tatlumpung (30) mag-aaral sa ikaanim na baitang mula sa Paaralang Elementarya ng Tublijon at Guinlajon, Kanlurang Distrito, Lungsod Sorsogon. Ang mga kalahok ay piniling representasyon ng populasyon ng mag-aaral na may sapat na kakayahang lingguwistiko at kognitibo upang maipahayag ang kanilang mga saloobin, opinyon, at karanasan hinggil sa paggamit ng Wikang Filipino sa loob at labas ng silid-aralan. Ang antas na ito ng pag-aaral ay itinuturing na mahalaga sapagkat ang mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ay nakaranas na ng pormal na pagtuturo ng Filipino sa loob ng mahabang panahon at sabay na na-*exposed* sa impormal na anyo ng wika, lalo na sa konteksto ng makabagong teknolohiya at *social media*. Sa ganitong paraan, nagkakaroon sila ng balanseng karanasan sa paggamit ng wika sa pormal at impormal na sitwasyon, na nagbibigay-daan sa mas malalim na pagsusuri ng epekto ng modernisasyon sa kanilang lingguwistikong kasanayan at sikolohikal na pananaw.

Ginamit ng mga mananaliksik ang *purposive sampling* sa pagpili ng mga kalahok upang matiyak na ang bawat isa sa kanila ay may tuwirang kaugnayan sa layunin ng pag-aaral. Isinaalang-alang sa pagpili ang mga mag-aaral na aktibong gumagamit ng Wikang Filipino sa mga gawaing pang-akademiko, tulad ng pagbasa, pagsulat, talakayan sa klase, at iba pang interaktibong gawain. Bukod dito, isinama rin ang mga mag-aaral na may karanasan sa paggamit ng makabagong teknolohiya, kabilang ang *social media*, *online flatform* na pag-aaral, at iba pang dihital na paraan ng komunikasyon, sapagkat ang mga ito ay may mahalagang impluwensya sa kasanayan at saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa wika. Sa pamamagitan ng *purposive sampling*, natiyak ng mga mananaliksik na ang mga kalahok ay may sapat na kaalaman at karanasan upang makapagbigay ng makabuluhang datos na makakatulong sa pag-unawa sa epekto ng modernisasyon ng Wikang Filipino.

Ang pamamaraang ito ay nakatulong hindi lamang sa pagpapalalim ng pagsusuri kundi pati na rin sa pagpapanatili ng pagiging balido at maaasahan ang mga nakalap na impormasyon. Sa pamamagitan ng maingat na pagpili ng mga kalahok na may kaugnayan sa paksa, naging mas episyente ang proseso ng pangangalap ng datos, at mas natutukan ang mga aspekto ng wika na may direktang epekto sa sikolohikal na karanasan ng mga mag-aaral, kabilang ang kanilang saloobin, motibasyon, kumpiyansa, at antas ng kaalaman sa bokabularyo, istruktura ng pangungusap, at pormalidad ng wika. Sa ganitong paraan, ang *purposive sampling* ay nagbigay ng matibay na pundasyon para sa mas malalim, sistematiko, at kontekstuwal na pagsusuri ng modernisasyon ng Wikang Filipino sa pang-araw-araw na karanasan ng mga mag-aaral sa paaralan.

***Instrumento ng Pag-aaral -*** Ang pangunahing instrumentong ginamit sa pangangalap ng datos sa pag-aaral na ito ay isang interbyu iskedyul na binubuo ng mga *semi-structured* na tanong. Ang ganitong uri ng instrumento ay pinili sapagkat nagbibigay ito ng balanse sa pagitan ng istrukturadong gabay at malayang pagpapahayag ng mga kalahok. Ang mga tanong ay maingat na idinisenyo upang hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang personal na karanasan, pananaw, at saloobin hinggil sa paggamit ng Wikang Filipino, partikular sa konteksto ng mga pagbabagong dulot ng modernisasyon, teknolohiya, at *social media*. Sa ganitong paraan, nabigyan ng pagkakataon ang mga kalahok na ilahad ang kanilang mga damdamin at obserbasyon nang hindi limitado sa tiyak na sagot lamang, na nagbubukas ng mas malalim at mas mayamang datos.

Bago isinagawa ang aktuwal na interbyu, ang iskedyul ay inihanda ng mga mananaliksik at dumaan sa masusing rebisyon at pagpapatunay ng nilalaman sa tulong ng tagapayo ng pananaliksik. Ang prosesong ito ay naglalayong tiyakin ang kalinawan, kaangkupan, at pagkakatugma ng bawat tanong sa layunin ng pag-aaral, gayundin sa kakayahan ng mga kalahok na maunawaan at masagot ang mga ito nang wasto. Sa pamamagitan ng ganitong pagsusuri, natitiyak na ang mga tanong ay makakapagbigay ng datos na totoo, makabuluhan, at kapaki-pakinabang sa pagsusuri ng epekto ng modernisasyon sa paggamit ng Wikang Filipino.

Matapos ang mga kinakailangang rebisyon, ginamit ang pininal na instrumento sa aktuwal na pangangalap ng datos. Sa pamamagitan ng *semi-structured* na interbyu, nagkaroon ang mga mananaliksik ng kakayahang mag-*follow up* sa mga sagot ng kalahok, linawin ang mga hindi malinaw, at palalimin ang diskusyon sa mga mahahalagang aspeto ng paksa. Ang pamamaraang ito ay nakatulong hindi lamang sa pagkuha ng detalyado at

kontekstuwal na datos, kundi pati na rin sa pag-unawa sa mga pananaw at karanasan ng mga mag-aaral hinggil sa modernisasyon ng Wikang Filipino sa kanilang pang-araw-araw na paggamit sa loob at labas ng silid-aralan.

***Pangangalap ng Datos -*** Ang pangangalap ng datos sa pag-aaral na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng personal na pakikipanayam sa mga piling kalahok. Ang bawat panayam ay isinaayos sa isang ligtas at maginhawang lugar sa loob ng paaralan upang matiyak ang kaginhawaan at kaligtasan ng mga mag-aaral, gayundin ang pagiging pribado ng kanilang mga sagot. Bago simulan ang panayam, ipinaliwanag ng mga mananaliksik sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral, ang mga karapatan nila bilang kalahok, at ang mga prinsipyong etikal na sinusunod, kabilang ang boluntaryong pakikilahok at ang karapatang umatras sa paglahok anumang oras nang walang anumang kaparusahan o implikasyon.

Ang *semi-structured* na uri ng panayam ay ginamit upang makamit ang balanse sa pagitan ng istrukturadong gabay ng mga tanong at ng malayang pagpapahayag ng mga kalahok. Dahil dito, nagkaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na ilahad nang malaya ang kanilang mga saloobin, pananaw, at karanasan hinggil sa paggamit ng Wikang Filipino, lalo na sa konteksto ng modernisasyon at impluwensiya ng teknolohiya at *social media*. Ang ganitong pamamaraan ay nagresulta sa mas malalim, mas mayamang, at detalyadong tugon mula sa mga kalahok, na nagbibigay ng mas komprehensibong perspektibo sa pagsusuri ng epekto ng mga pagbabagong pangwika sa kanilang sikolohikal at linggwistikong aspeto.

Ang lahat ng mga sagot mula sa panayam ay maingat na naitala, inayos, at pinuroseso upang magsilbing pangunahing batayan sa pagsusuri ng datos. Ang sistematikong pag-aayos at dokumentasyon ng mga tugon ay nakatulong sa mas malinis at organisadong pagsusuri, na nagbibigay-diin sa pagiging tumpak at balido ng impormasyong nakalap. Sa kabuuan, ang metodolohiyang ito ay nakatulong hindi lamang sa pagkuha ng detalyado at makabuluhang datos, kundi pati na rin sa pag-unawa sa mga pananaw, karanasan, at saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa modernisasyon ng Wikang Filipino sa kanilang pang-araw-araw na paggamit sa loob at labas ng silid-aralan.

***Pagsusuri ng Datos -*** Ang mga nakalap na datos sa pag-aaral na ito ay sinuri gamit ang *thematic analysis*, isang sistematikong pamamaraan ng pagsusuri ng kwalitatibong datos na naglalayong tuklasin ang mga paulit-ulit na ideya, konsepto, at *pattern* sa loob ng mga sagot ng mga kalahok. Sa prosesong ito, ang bawat pahayag ng kalahok ay binasa at inunawa nang paulit-ulit upang matukoy ang mga mahahalagang ideya at konsepto na may kaugnayan sa paggamit ng Wikang Filipino at sa epekto ng modernisasyon sa kanilang sikolohikal at lingguwistikong aspekto. Ang masusing pagbabasa at pagsusuri ay nagbigay-daan sa pagkuha ng mas malalim na pag-unawa sa mga pananaw, karanasan, at saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa wika.

Matapos tukuyin ang mga makabuluhang ideya, ang mga ito ay inuri at inayos sa mga paunang kategorya, na nagsilbing pundasyon sa pagbubuo ng mga pangunahing tema. Ang bawat tema ay binuo upang maipakita ang mga padron, ugnayan, at magkakaugnay na konsepto na lumilitaw mula sa mga sagot ng mga kalahok. Sa ganitong paraan, ang *thematic analysis* ay nagiging epektibong pamamaraan upang maorganisa ang malalaking dami ng kwalitatibong datos sa mas malinaw at sistematikong anyo, na nagbibigay-diin sa mga pangunahing aspekto na kaugnay sa layunin ng pag-aaral.

Ang pagsusuri ng mga tema ay isinagawa sa konteksto ng karanasan ng mga kalahok at sa layunin ng pananaliksik. Pinagtuunan ng pansin ang sikolohikal na epekto ng modernisasyon ng wika, tulad ng saloobin, motibasyon, at kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino, pati na rin ang lingguwistikong aspekto, kabilang ang bokabularyo, istruktura ng pangungusap, at antas ng pormalidad ng wika. Sa pamamagitan ng *thematic analysis*, nakamit ng mga mananaliksik ang masusing pag-unawa sa mga epekto ng modernisasyon ng Wikang Filipino, batay sa tunay na karanasan at pananaw ng mga mag-aaral, na nagbigay ng matibay na batayan para sa mga rekomendasyon at konklusyon ng pag-aaral.

***Etika ng Pananaliksik -*** Upang matiyak ang mataas na pamantayang etikal sa pananaliksik, siniguro ng mga mananaliksik ang mahigpit na pagsunod sa mga prinsipyo ng boluntaryong pakikilahok, pagiging kompidensiyal,

at paggalang sa mga karapatan ng mga kalahok. Bilang bahagi ng prosesong ito, gumawa ang mga mananaliksik ng mga liham pahintulot na ipinadala sa iba't ibang awtoridad, kabilang ang Pangdibisyong Tagapamanihala, Pangdistritong Tagamasid, mga punong-guro ng kinauukulang paaralan, at mga gurong-tagapayo. Ang hakbang na ito ay naglalayong tiyakin ang opisyal na pag-apruba at suporta ng mga paaralan at ng lokal na pamahalaang pang-edukasyon bago simulan ang aktuwal na pangangalap ng datos. Kasabay nito, nagpadala rin ng liham pahintulot sa mga magulang ng mga kalahok upang ipaliwanag nang malinaw ang layunin, saklaw, at pamamaraan ng pag-aaral. Sa pagkakataong ito, ipinaliwanag sa mga kalahok at kanilang mga magulang na ang lahat ng impormasyong ibabahagi ay gagamitin lamang para sa layuning akademiko, at mananatiling kompidensiyal ang kanilang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng paggamit ng mga *code* o alyas sa dokumentasyon ng datos. Ang malinaw na pagtalakay sa karapatan ng mga kalahok, kabilang ang boluntaryong pakikilahok at ang karapatang umatras sa anumang yugto ng pananaliksik, ay nagbigay-diin sa respeto sa kanilang indibidwal na desisyon at seguridad.

Bilang pormal na patunay ng kanilang pagsang-ayon, lumagda sa isang liham pahintulot ang bawat kalahok at ang kanilang mga magulang bago isagawa ang mga panayam. Ang hakbang na ito ay nagsilbing garantiya na ang pakikilahok ng mga mag-aaral ay kusang-loob at batay sa sapat na kaalaman tungkol sa layunin at proseso ng pag-aaral. Sa kabuuan, ang maingat na pagpapatupad ng mga hakbang na ito ay nakatulong hindi lamang sa pagsunod sa pamantayang etikal, kundi pati na rin sa pagbibigay ng kapanatagan sa mga kalahok na ang kanilang mga opinyon, saloobin, at karanasan ay malilikhang ligtas, balido, at makabuluhang bahagi ng pananaliksik.

## 3. Natuklasan

Sa patuloy na pag-usad ng panahon, hindi maiiwasan ang mga pagbabagong panlipunan, teknolohikal, at kultural na may tuwirang impluwensya sa wika. Kasabay ng mga pagbabagong ito ang modernisasyon ng wikang Filipino na malinaw na nararanasan sa konteksto ng edukasyon, partikular sa ugnayan ng guro at mag-aaral. Ipinakita ng pag-aaral na ang bawat kalahok ay may sari-sariling karanasan, na kapag pinagsama-sama, ay nagbibigay ng mas malalim at mas komprehensibong pag-unawa sa kasalukuyang kalagayan ng Wikang Filipino sa gitna ng modernisasyon.

### *3.1 Mga Pagbabagong Naganap sa Filipino na Ginagamit ng mga Mag-aaral*

Batay sa mga pahayag at obserbasyon ng mga gurong kalahok, malinaw na lumitaw sa resulta ng pag-aaral na ang wikang Filipino na ginagamit ng mga mag-aaral sa kasalukuyan ay dumaraan sa masinsin at mabilis na pagbabago. Ang mga pagbabagong ito ay higit na nakaugat sa impluwensya ng makabagong teknolohiya at *social media*, na nagsisilbing pangunahing daluyan ng komunikasyon ng kabataan. Isa sa pinakakilalang manipestasyon nito ay ang paglaganap ng mga salitang teknolohikal at hiram mula sa Ingles na nilalagyan ng panlaping Filipino, gaya ng "na-*screenshot*," "i-*upload*," at iba pang kahalintulad na ekspresyon. Ang ganitong uri ng paggamit ng wika ay karaniwan nang naririnig sa loob ng silid-aralan at nagiging bahagi na ng pang-araw-araw na diskurso ng mga mag-aaral.

Bukod dito, lumitaw rin sa resulta na ang Taglish ang nagsisilbing pangunahing midyum ng komunikasyon ng mga mag-aaral, kapwa sa pormal at impormal na usapan. Ayon sa mga guro, mas komportable at mas episyente ang mga mag-aaral sa paggamit ng Taglish sapagkat nagbibigay ito ng mas mabilis at mas natural na paraan ng pagpapahayag ng ideya at damdamin. Ang ganitong obserbasyon ay umaayon sa pagtingin na ang kabataan ay mas bukas sa paggamit ng "*hybrid"* na anyo ng wika, kung saan magkatuwang na ginagamit ang Filipino at Ingles sa iisang pahayag.

Dagdag pa rito, binigyang-diin din ng mga guro ang patuloy na pag-usbong at paggamit ng mga salitang balbal tulad ng "lodi," "werpa," at "petmalu." Ang mga salitang ito ay karaniwang ginagamit ng mga mag-aaral bilang ekspresyon ng pakikipagkaibigan, pagbibigay-papuri, at pagpapakita ng emosyon. Inilarawan ng mga guro ang wikang Filipino ng mga mag-aaral bilang mas impormal, mabilis magbago, at malakas ang ugnayan sa dihital na

espasyo. Gayunpaman, kasabay ng mga pagbabagong ito ay ang napansing pagbawas sa paggamit ng pormal at estandardisadong Filipino, partikular sa akademikong pagsulat at pormal na talakayan sa loob ng paaralan.

Ang mga natukoy na resulta ay nagpapahiwatig na ang wikang Filipino ay isang buhay at dinamikong sistema na patuloy na umaangkop sa pagbabago ng panahon at kontekstong panlipunan. Ang paglalapat ng panlaping Filipino sa mga salitang Ingles ay nagpapakita ng kakayahan ng wika na mag-angkin at mag-angkop ng mga bagong konsepto nang hindi nawawala ang sariling istruktura. Ipinahihiwatig nito na ang Filipino ay hindi humihina, bagkus ay nagpapakita ng kakayahang makipagsabayan sa globalisasyon at dihitalisasyon ng komunikasyon. Ang malawak na pagtanggap ng mga mag-aaral sa Taglish ay maaaring bigyang-kahulugan bilang isang praktikal at sosyolingguwistikong tugon sa pangangailangang komunikatibo ng kabataan. Ayon sa pahayag nina Rentillo, P., Casalan, M., at Gustilo, L. (2024).), ang mataas na antas ng pagtanggap ng kabataang Filipino sa Philippine English at *hybrid* na anyo ng wika ay repleksyon ng kanilang *exposure* sa iba't ibang domeyn ng komunikasyon, partikular sa teknikal at pang-araw-araw na usapan. Sa ganitong pananaw, ang Taglish ay hindi lamang simbolo ng kakulangan sa kasanayan sa Filipino o Ingles, kundi isang estratehiya upang mapadali ang pagpapahayag ng kaisipan.

Samantala, ang paggamit ng mga salitang balbal ay sumasalamin sa identidad, kultura, at malikhaing pag-iisip ng kabataan. Ipinakikita nito na ang wika ay nagsisilbing daluyan ng kolektibong karanasan at emosyon ng mga mag-aaral. Gayunpaman, binibigyang-diin ng mga guro na ang labis at walang kontrol na paggamit ng impormal na wika ay maaaring magdulot ng kahinaan sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pormal at akademikong Filipino. Ang kakulangan sa malinaw na hangganan sa pagitan ng impormal at pormal na gamit ng wika ay maaaring magresulta sa maling istruktura ng pangungusap, limitadong bokabularyo, at mababang antas ng akademikong diskurso.

Ang mga natuklasan ng pag-aaral ay may mahahalagang implikasyon sa larangan ng edukasyon, partikular sa pagtuturo ng wikang Filipino. Ipinakikita ng resulta na kinakailangang kilalanin ng mga guro ang modernong anyo ng wikang ginagamit ng mga mag-aaral bilang bahagi ng kanilang sosyokultural na realidad. Ang pagwawalang-bahala o lubos na pagtanggi sa mga makabagong anyo ng wika ay maaaring magdulot ng distansya sa pagitan ng guro at mag-aaral at makabawas sa bisa ng pagtuturo. Sa halip, maaaring gamitin ang modernisadong anyo ng Filipino bilang tulay sa paglinang ng pormal at estandardisadong wika. Sa pamamagitan ng maingat at sistematikong paggabay, maaaring maituro sa mga mag-aaral ang wastong konteksto ng paggamit ng impormal at pormal na wika. Mahalaga ring palakasin ang pagtuturo ng estandardisadong Filipino sa paaralan upang mapanatili ang identidad at integridad ng wika, gaya ng binigyang-diin ni Kasulotan (2024) na nasabing niangkop ng mga guro ng wikang Filipino ang mga estratehiyang pedagogical upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mag-aaral, pagbabalanse ng pormal at impormal na wika, pagtataguyod ng interactive at hands-on na pag-aaral

Ipinapakita ng pag-aaral na ang modernisasyon at dihitalisasyon ng wika ay may dalang parehong oportunidad at hamon. Habang pinapalakas nito ang kumpiyansa at pagiging malikhain ng mga mag-aaral sa komunikasyon, nagiging hamon naman ito sa pagpapanatili ng mataas na antas ng kasanayan sa akademikong Filipino. Dahil dito, kinakailangan ang balanseng *pedagogical* na estratehiya na isinasaalang-alang ang dinamika ng modernong wika at ang pangangailangan ng estandardisadong diskurso sa akademikong konteksto. Sa ganitong paraan, masisiguro ang patuloy na pag-unlad, integridad, at kahusayan ng wikang Filipino sa gitna ng mabilis na pagbabago ng lipunan.

*3.2 Mga Pagbabagong Naranasan ng mga Mag-aaral.*

Mula sa pananaw ng mga mag-aaral, malinaw na kapansin-pansin ang pag-usbong ng mas impormal at modernong gamit ng Filipino, lalo na sa pamamagitan ng taglish at mga salitang hango sa teknolohiya. Ang mga katagang *"upload," "message,"* at *"screenshot"* ay naging bahagi na ng kanilang pang-araw-araw na komunikasyon. Ayon sa mga mag-aaral, praktikal at mabilis ang ganitong paraan ng pakikipag-usap, subalit nagiging hamon ito sa paggamit ng pormal at mas malalim na Filipino sa mga gawaing akademiko.

Sa pahayag ni kalahok bilang 10:

> *"Mas madali saamon an mag-iristoryahan kun arog sadto an gamit na mga surumaton, mas madali masabutan. Pero pag-inpapasurat na kami ni Mam nin mga talata o sanaysay, napapagalan na kami, lalo na ako, maralion an mga wordings ko"*
>
> (Mas madali saamin ang makipag-usap kapag ganito ang aming pananalita, mas madaling nagkakaunawaan. Subalit kapag kami ay pinapagawa ng aming guro ng talata o sanaysay,Kami ay nahihirapan, lalo na ako, madalas na mali ang mga salitang nagagamit ko)

Ipinahihiwatig ng resulta na ang malawak na paggamit ng impormal at modernong anyo ng Filipino, partikular ang Taglish at mga salitang hango sa teknolohiya, ay isang praktikal na tugon ng mga mag-aaral sa mabilis at episyenteng komunikasyon sa kanilang pang-araw-araw na karanasan. Ang ganitong paggamit ng wika ay nagpapadali sa pakikipag-ugnayan at pag-unawa sa pagitan ng mga mag-aaral, sapagkat ito ay umaayon sa kanilang konteksto at antas ng komportableng pagpapahayag. Gayunpaman, ipinakikita rin ng pahayag ng kalahok na ang pagiging bihasa sa impormal na wika ay hindi awtomatikong nangangahulugan ng kahusayan sa pormal at akademikong Filipino, lalo na sa pagsulat ng mga talata at sanaysay.

Dagdag pa rito, ipinapakita ng resulta ang malinaw na agwat sa pagitan ng kasanayan ng mga mag-aaral sa impormal na komunikasyon at sa akademikong diskurso. Ang hirap na nararanasan nila sa pormal na pagsulat ay nagpapahiwatig ng kakulangan sa bokabularyo, wastong istruktura ng pangungusap, at diskursong akademiko. Ang ganitong kalagayan ay nagpapalalim sa pag-unawa na ang modernong gamit ng wika, bagama't may positibong epekto sa pakikipagkomunikasyon, ay maaari ring magdulot ng limitasyon sa akademikong kasanayan kung walang sapat na paggabay at suporta mula sa paaralan at tahanan.

May mahalagang implikasyon ang mga natuklasan sa pagtuturo ng wikang Filipino, sapagkat ipinakikita nito ang pangangailangang kilalanin ng mga guro ang aktuwal na wikang ginagamit ng mga mag-aaral bilang panimulang punto sa paglinang ng kanilang kasanayang pangwika. Sa halip na ituring ang impormal na wika bilang hadlang, maaari itong gamitin bilang tulay sa unti-unting pagpapalakas ng pormal at akademikong Filipino, lalo na sa pagsulat at pormal na pagpapahayag sa loob ng silid-aralan.

Bukod dito, binibigyang-diin ng resulta ang pangangailangan ng mas sistematiko at tuloy-tuloy na estratehiya sa pagtuturo ng akademikong pagsulat sa Filipino. Mahalaga ang malinaw na paggabay sa wastong paggamit ng wika at ang pagkilala sa papel ng mga magulang sa pagpapaunlad ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral, bagama't may mga hadlang sa oras, wika, at mapagkukunan. Ang pakikilahok ng magulang sa pag-aaral ng wikang Filipino ay mahalaga para sa pag-unlad ng mga bata, ngunit ang mga hadlang sa oras, wika, at mapagkukunan ay humahadlang sa sistematikong pamamaraan ng pagtuturo (Balderas, M. (2025). Sa ganitong paraan, masisiguro na ang modernong gamit ng wika ay nagiging daluyan ng pagkatuto at hindi balakid sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral.

*3.3 Epekto ng Modernisasyon ng Wikang Filipino*

Sa konteksto ng patuloy na modernisasyon at dihitalisasyon ng lipunan, hindi lamang istruktura at anyo ng wikang Filipino ang dumaraan sa pagbabago, kundi pati na rin ang sikolohikal na karanasan ng mga mag-aaral sa kanilang paggamit ng wika. Ang wika ay nagsisilbing mahalagang salik sa paghubog ng kumpiyansa, identidad, at paraan ng pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa loob at labas ng silid-aralan. Dahil dito, mahalagang suriin ang sikolohikal na aspekto ng mga pagbabagong pangwika upang maunawaan kung paano naaapektuhan ng modernisasyon ng wika ang damdamin, pananaw, at pag-uugali ng mga mag-aaral sa proseso ng komunikasyon at pagkatuto.

**Sikolohikal na Aspekto ng mga Mag-aaral.** Ipinakita ng mga datos mula sa panayam na ang modernisasyon ng wikang Filipino ay nagdudulot ng magkahalong sikolohikal na epekto sa mga mag-aaral. Sa positibong aspekto,

binanggit ng ilang kalahok na mas nagiging bukas at kumpiyansa sila sa pakikipagkomunikasyon dahil hindi kinakailangang gumamit ng pormal na wika**.** Sa pahayag ni kalahok bilang 19, sinabi niya na;

> *"Mas pasil saakon an mag-istorya niyan kay dili man kaipuhan na pormalon ang surumaton. Bagan normal lamang".*
>
> (Mas madali sa akin magsalita ngayon kasi hindi naman kailangan sobrang pormal. Parang mas natural lang)

Gayunman, may mga negatibong karanasan ding lumitaw dahil sa mga pagbabagong nagaganap sa wika. Ito ay karaniwang magkadugtong o magkadikit na dulot ng mga pangyayaring pagbabago sa ating mundo. Ayon sa pahayag ng kalahok bilang 5;

> *"Mapagalon mag-recite sa Filipino, minsan pamati ko, maluyahon na ako mag-Filipino. Napapagalan na ako magsurat nin sanaysay".*
>
> (Mahirap na mag-recite gamit ang Filipino, minsan pakiramdam ko, napakahina ko nang mag-Filipino. Nahihirapan na akong magsulat ng sanaysay)

Sa pahayag na ito, lumitaw ang mga negatibong karanasan, ang kahirapan sa pang-akademikong pagdalo, maging ang pag-*recite* at pagsusulat sa Filipino ay nagdudulot ng pagbaba ng kumpiyansa sa sarili at pagtingin sa sariling kakayahan sa wika. Ipinahihiwatig ng mga pahayag na ito na bagama't pinapadali ng modernisasyon ang pakikipag-usap, maaari rin nitong pahinain ang akademikong kasanayan kung hindi gagabayan nang wasto ang mga mag-aaral. Sa ganitong sitwasyon, mahalaga ang paggamit ng mga alternatibong estratehiya sa pagtuturo upang mapanatili ang motibasyon at mapalakas ang kasanayan sa Filipino (Magno et al., 2024).

**Linggwistikong Aspekto ng mga Mag-aaral.** Mula sa linggwistikong pananaw, malinaw na ang Wikang Filipino ay patuloy na nagbabago sa leksikon at istruktura. Ang paghahalo ng Ingles at Filipino ay hindi lamang uso kundi isang manipestasyon ng ebolusyon ng komunikasyon. Sinabi ni kalahok bilang 10;

> *"Madalion lang saakon an mag-istorya na may English nan Filipino, mas masigkat pan.o sabihon. nan amo tulos an naiiisip ko".*
>
> (Mas madali lang sa akin ang magsalita. Na magkahalo ang Ingles at Filipino, mas mabilis bigkasin. At ito agad ang pumapasok sa aking isipan)

Sa pahayag na ito, malinaw na ipinahahatid na mas mabilis at mas episyente nilang naipapahayag ang kanilang kaisipan kapag gumagamit ng halo-halong wika. Gayunman, natukoy rin ng mga mananaliksik ang pangamba sa unti-unting pagkawala ng ilang tradisyunal na salita at ang pangingibabaw ng Ingles sa teknikal at intelektuwal na domeyn. Ang ganitong kalagayan ay maaaring magdulot ng distansya ng mga mag-aaral sa mas malalim na anyo ng sariling wika. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Lamorinas, Luna, at Lai (2025) na nagsasabing ang mga mag-aaral ng Gen Z ay nagpapakita ng mababang kagustuhan sa Filipino dahil sa impluwensya ng pandaigdigang komunikasyon at digital na midya.

### *3.4 Rekomendasyon kung Paano Mapabubuti ang Pagtuturo at Paggamit ng Wikang Filipino sa Konteksto ng Modernisasyon*

Malinaw na ipinakikita na bagama't malaki ang impluwensya ng modernisasyon, teknolohiya, at *social media* sa paggamit ng wikang Filipino ng mga mag-aaral, nananatiling mahalaga ang papel ng paaralan at guro sa paggabay sa wastong paggamit ng wika. Lumitaw sa mga datos na ang mga mag-aaral ay mas kumpiyansa sa impormal na komunikasyon gamit ang Taglish at mga terminong teknolohikal, subalit nahihirapan sa pormal at akademikong paggamit ng Filipino, lalo na sa pagsulat at pormal na pagpapahayag. Ipinahihiwatig din ng mga pahayag ng kalahok na kulang ang sistematikong paggabay sa malinaw na paghihiwalay ng impormal at pormal

na gamit ng wika sa loob ng silid-aralan.

Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na ang suliranin ay hindi ang modernisasyon ng wikang Filipino mismo, kundi ang kakulangan ng estratehiyang pedagohikal na angkop sa nagbabagong konteksto ng wika. Ipinakikita ng datos na ang mga mag-aaral ay natural na umaangkop sa modernong anyo ng komunikasyon, subalit hindi sapat ang kanilang kasanayan sa paglipat mula sa impormal tungo sa akademikong diskurso. Samakatuwid, ang modernisasyon ay nagsisilbing dalawahang penomenon: nagpapadali ito ng komunikasyon ngunit maaari ring magdulot ng paghina ng akademikong kasanayan kung hindi ito napapamahalaan nang wasto sa proseso ng pagtuturo.

May mahalagang implikasyon ang mga natuklasan sa pagtuturo ng wikang Filipino. Una, kinakailangang magpatupad ang mga guro ng balanseng estratehiya na kumikilala sa modernong anyo ng wika bilang panimulang punto sa pagkatuto, ngunit malinaw na itinatakda ang hangganan ng pormal at impormal na gamit ng Filipino. Ikalawa, mahalagang maisama ang teknolohiya at digital na midya bilang kagamitang panturo sa Filipino upang mapataas ang interes at motibasyon ng mga mag-aaral, habang pinapalakas ang akademikong pagsulat at pormal na diskurso. Ikatlo, kinakailangan ang aktibong partisipasyon ng mga magulang at institusyon upang mapalawak ang paggamit ng Filipino hindi lamang sa silid-aralan kundi pati sa tahanan at komunidad. Sa ganitong paraan, ang modernisasyon ay nagiging instrumento ng pagkatuto at hindi balakid sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral. Ang mga alternatibong estratehiya sa pagtuturo, gaya ng *"Filipino word of the day," language games, role-play activities, at student self-assessment,* ay makabuluhang nagpapabuti sa motibasyon, pakikipag-ugnayan, at pangkalahatang kasanayan sa wikang Filipino ng mga estudyanteng nangingibabaw sa Ingles (Magno, J., Indal, R., Chavez, J., (2024).

Narito ang mga rekomendasyon ito ay makakatulong sa pagkamit ng adhika na mapabuti at makaagapay ang wikang Filipino sa hinahangad na modernisayon.

***Para sa edukasyon***

- Mga guro sa Filipino ng DepEd: Magkaroon ng patuloy na pagsasanay upang mapahusay ang kanilang kasanayan sa pagtuturo ng wika, lalo na sa pagsasama ng modernong paksa tulad ng teknolohiya at negosyo.
- Online na programang pag-aaral sa Filipino: Mga app tulad ng "Filipino Para sa Lahat" at mga online na kurikulum ng mga unibersidad na nag-aalok ng aralin sa Filipino na *accessible via mobile o web.*
- Filipino sa Iba't ibang Larangan" *Curriculum Integration*: Isinasama ng DepEd ang Filipino sa mga assignaturang agham, matematika, at teknolohiya upang ipakita na ang wika ay kapaki-pakinabang sa lahat ng larangan ng pag-aaral.

***Para sa Medya at Digital na Nilalaman:***

- Magkaroon ng channels sa *Tiktok/Youtube* na pawang mga Pilipino lang ang gumagawa na may kasiya-siyang nilalaman na ganap na sa Filipino.
- Paigtingin ang pagpapalabas ng mga bayaning serye sa telebisyon na gumagamit ng Filipino para ipakita ang kasaysayan, kultura at mga aral ng mga Pilipino sa paraang kakit-akit sa mga kabataan.
- Proyekto na nagtatatag ng pamatayan na mga salitang Filipino para sa digital na konstekto (pantala para sa screen) upang palakasin ang paggamit ng wika sa online na espasyo.

***Para sa Pamahalaan at Kultura***

- Mga Programa na nagtataguyod ng paggamit ng Filipino sa Negosyo, kalakalan, at turismo-tulad ng paggawa ng mga brochure at mga materyal sa pagsasanay para sa mga negosyate.

- Magkaroon ng diksyonaryo na nagpapakita ng mgakasalukuyang gamit ng Filipino, kabilang ang mga bagong salita mula sa modernong buhay.

- Taunang pagdiriwangna may paligsahan sa pagsusulat, patula, at pagsasalita sa Filipino na ipinapalawak na ngayon sa sosyal media para sa mas malawak na partisipasyon.

***Para sa mga Private Sektor at Kabataan***

- Pagbibigay ng mga libreng aklat sa Filipino tungkol sa agham, teknolohiya, at pamumuhay para sa pampublikong paaralan

- Paghikayat sa mga kabataan na magsulat at magpahayag ng kanilang saloobin o opinion sa Filipino.

## 4. Kongklusyon at Rekomendasyon

Batay sa masusing pagsusuri ng mga nakalap na datos, napatunayan na ang paggamit ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral ay makabuluhang naapektuhan ng modernisasyon. Laganap ang paggamit ng taglish, mga salitang balbal, at mga terminong hango sa teknolohiya at sosyal medya, na nagsisilbing pangunahing midyum ng komunikasyon ng mga mag-aaral sa loob at labas ng silid-aralan. Ang ganitong kalakaran ay nagpapakita ng pagiging dinamiko at adaptibo ng Wikang Filipino sa konteksto ng makabagong lipunan, sapagkat mabilis itong nakaaangkop sa pagbabago ng paraan ng pakikipag-ugnayan at pang-araw-araw na komunikasyon ng kabataan. Subalit, kasabay ng adaptasyong ito ay ang unti-unting paglayo sa pormal at estandardisadong anyo ng wika, na maaaring magdulot ng hamon sa akademikong paggamit ng Filipino.

Natukoy din sa pag-aaral na ang modernisasyon ng wika ay nagdudulot ng magkahalong epekto sa mga mag-aaral. Sa sikolohikal na aspeto, ang impormal at makabagong paggamit ng wika, tulad ng taglish at terminong teknolohikal, ay nagpapataas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pakikipag-usap sa kanilang kapwa. Gayunpaman, may kaakibat din itong pagbaba ng tiwala sa sarili pagdating sa paggamit ng Filipino sa pormal at akademikong gawain, partikular sa pagsulat at kritikal na pagpapahayag. Sa linggwistikong aspeto, habang ang paghahalo ng Filipino at Ingles ay nagpapabilis sa pagpapahayag ng ideya at mas nakaaangkop sa mabilis na komunikasyon sa sosyal medya at teknolohiya, nagreresulta rin ito sa limitadong bokabularyo, kahinaan sa estruktura ng pangungusap, at kakulangan sa pormal na anyo ng wika.

Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda na palakasin ng mga guro ang pormal at akademikong paggamit ng Wikang Filipino sa loob ng silid-aralan. Maaari itong maisakatuparan sa pamamagitan ng mga gawaing nakatuon sa pagsulat, pagsasalita, at kritikal na pag-iisip, kung saan maipapakita ang wastong gamit ng bokabularyo, gramatika, at estruktura ng pangungusap. Mahalaga ring kilalanin at tanggapin ang impluwensiya ng modernisasyon at impormal na anyo ng wika, at gamitin ito bilang tulay sa paglinang ng estandardisadong Filipino, upang mapanatili ang balanse sa pagitan ng makabagong komunikasyon at akademikong kahusayan ng mga mag-aaral.

Bukod dito, iminungkahi rin ang aktibong pakikilahok ng mga paaralan at magulang sa paggabay sa paggamit ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa loob at labas ng paaralan. Maaaring isama ang teknolohiya bilang kagamitang panturo, pati na rin ang patuloy na paghikayat sa mga mag-aaral na gamitin ang Filipino sa pang-araw-araw na komunikasyon, maging sa opisyal o impormal na konteksto. Hinihikayat din ang mga susunod na pag-aaral na palawakin ang saklaw ng pananaliksik upang mas mapalalim ang pag-unawa sa sikolohikal at linggwistikong epekto ng modernisasyon ng Wikang Filipino, at upang makabuo ng mas epektibong estratehiya sa pagtuturo at paggamit ng wika sa kasalukuyang henerasyon.

## 5. Sanggunian

1987 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas Artikulo XIV, Seksyon 6. https://www.scribd.com/document/523241478/Artikulo-XIV-ng-Saligang-Batas-1987

Albay, J. (2017). Epekto ng modernisasyon ng wikang Filipino sa pag-aaral ng mga Senior High School sa Unibersidad Ng Pangasinan. Academia.edu.

Balderas, M. (2025). The Influence of Parental Involvement on the Acquisition of Filipino Language Skills in Early Childhood Education. *American Journal of Education and Technology*. https://doi.org/10.54536/ajet.v4i2.4331.

Balista, K., & Bermiso, F. (2024). Exploring the Implications of Millennial Characteristics in Learning Filipino Language: A Phenomenological Study.*Multicultural Educational Journal.*

Batas Republika Blg. 7104 (1991) Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Supreme Court E-Library

Bernal, A., & Palma, R. (2025). Effective Teaching, Student Engagement, Classroom Learning Environment: A Structural Model of Motivation in Learning the Filipino Language. *International Journal of Innovative Research in Multidisciplinary Education.*

Catanes, R. (2025). Alternative Teaching Strategies in Learning Filipino Language Among Dominant English Speakers: Article Review. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies.*

Domingo, M., & Aguillon, H. (2021). Perceived Role of Social Media in the Vocabulary Development of University Students. *Applied Linguistics, Linguistics, and Literature (ALLURE) Journal*. https://doi.org/10.26877/allure.v1i1.9269.

Fabbro, F., Fabbro, A., & Crescentini, C. (2022). The Nature and Function of Languages. Languages.

Fedorenko, E., Piantadosi, S., & Gibson, E. (2024). Language is primarily a tool for communication rather than thought. Nature, 630, 575 - 586.

Fedorenko, E., Piantadosi, S., & Gibson, E. (2024). Language is primarily a tool for communication rather than thought. *Nature*, 630 8017, 575-586. https://doi.org/10.1038/s41586-024-07522-w.

Fernandez, JP., Lagrosa, CJ., Lao, MC., et al. (2025). Pananaw sa Kakayahan ng Pagtuturo ng Guro at Pagpapahalaga sa Asignaturang Filipino Bilang Pagtukoy sa Interes sa Pagkatuto ng Filipino ng mga Mag-aaral sa Junior High School. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*

Kasulotan, B. (2024). Exploring Pedagogical Strategies and Challenges: A Qualitative Study of Filipino Language Instruction Among Elementary Teachers. *EPRA International Journal of Environmental Economics, Commerce and Educational Management*.

Lamorinas, D., Bullado, A., & Lutian, M. (2024). Preserving initiatives for the Filipino language: Analysis of language protection through personal efforts among Filipino students. *Environment and Social Psychology*. https://doi.org/10.59429/esp.v9i12.3230.

Lamorinas, D., Luna, L., Lai, M., Magno, J., Saporno, R., Reyes, R., & Chavez, J. (2025). A General Perspective on the Factors Influencing the Low Preferences of Gen Z College Students towards the Filipino Language. *Forum for Linguistic Studies*.

Lamorinas, D., Luna, L., Lai, M.,et al. (2025). A General Perspective on the Factors Influencing the Low Preferences of Gen Z College Students towards the Filipino Language. *Forum for Linguistic Studies*.

Magno, J., Indal, R., Chavez, J., Garil, B., & Reyes, R. (2024). Alternative Teaching Strategies in Learning Filipino Language among Dominant English Speakers. *Forum for Linguistic Studies*. https://doi.org/10.30564/fls.v6i4.6742.

Mailani, O., Nuraeni, I., Syakila, S., & Lazuardi, J. (2022). Bahasa Sebagai Alat Komunikasi Dalam Kehidupan Manusia. *Kampret Journal*. https://doi.org/10.35335/kampret.v1i1.8.

Marx, E., Iwan, O., & Wittenberg, E. (2025). Dynamicity Predicts Inferred Temporal Order in Complex Sentences: Evidence from English, German, and Polish. Cognitive Science, 49.

Porio, R., & Limpot, M. (2023). A Structural Relationship Model in the 21st Century Teaching and Learning of Filipino Teachers. *Advances in Research*. https://doi.org/10.9734/air/2023/v24i5970.

Rehman, S., Malik, A., Jawad, M., at. al., (2025). The Influence of Technology on Contemporary English Vocabulary: Neologisms and Digital Discourse. Review of Applied Management and Social Sciences. https://doi.org/10.47067/ramss.v8i1.445.

Rentillo, P., Casalan, M., & Gustilo, L. (2024). Regional Variability and Domain-Specific Acceptance of Philippine English Expressions Among Younger Filipinos. *Languages*. https://doi.org/10.3390/languages9120376.

Saligang Batas ng Biyak-na-Bato (1896) Ang Wikang Tagalog ang magiging opisyal na wika ng Pilipinas. Saligang Batas ng 1935. Komisyon ng Wikang Filipino

Velasquez, AJC. (2023). Semantikong Histo-Sikolohikal na Pag-aaral: Piling Balbal na Salita ng mga Batang Gen-Z sa General Malvar St., Siyudad ng Davao. *Journal of Indigenous Languages*